

## Bahagi ng Proyekto mula Los Angeles hanggang Anaheim IMINUMUNGKAHING ALTERNATIBA PARA SA SPRING 2025



- REHIYON NG NORTHERN CALIFORNIA
  - San Francisco Salesforce Transit Center
  - San Francisco 4th & King Station
  - Millbrae (SFO)
  - San Jose Diridon Station
  - Gilroy
- REHIYON NG CENTRAL VALLEY
  - Merced
  - Fresno
  - Kings/Tulare Regional Station
- BAHAGI NG PROYEKTO MULA BAKERSFIELD HANGGANG PALMDALE
  - Bakersfield
  - Palmdale
- BAHAGI NG PROYEKTO MULA PALMDALE HANGGANG BURBANK
  - Burbank Airport Station
- BAHAGI NG PROYEKTO MULA BURBANK HANGGANG LOS ANGELES
  - Los Angeles Union Station
- BAHAGI NG PROYEKTO MULA LOS ANGELES HANGGANG ANAHEIM
  - Anaheim

### Buod ng Bahagi ng Proyekto


Ang California High-Speed Rail Authority (Awtoridad) ay nagtatayo ng kauna-unahang high-speed rail system sa bansa. Ang bahagi ng proyekto mula Los Angeles hanggang Anaheim (LA-A) ay ang pinakatimog na bahagi ng higit 494 milyang na-electrify na riles na nagkokonekta sa San Francisco at Anaheim. Ang bahaging ito na humigit-kumulang 30 milya ang haba ay kokonekta sa Los Angeles Union Station (LAUS) patungo sa Anaheim Regional Transportation Intermodal Center (ARTIC) gamit ang kasalukuyang urbanong Los Angeles-San Diego-San Luis Obispo (LOSSAN) Rail Corridor. Ang LOSSAN Rail Corridor ay isa sa pinakaabalang rail corridor sa bansa na ginagamit ng parehong freight at passenger rail at pag-aari ng iba't ibang ahensya.


Noong Mayo 2024, inaprubahan ng Lupon ng mga Direktor ng Awtoridad ang bagong Preferred Alternative, ang Shared Passenger Track Alternative A, na may Light Maintenance Facility (LMF) sa 26th Street sa Vernon. Pinag-aaralan din ng Awtoridad ang isa pang build alternative, ang Shared Passenger Track Alternative B, na may LMF sa 15th Street sa Los Angeles. Walang inirerekomandang intermediate station sa alinmang build alternative, ngunit ito ay pag-aaralan bilang bahagi ng dokumentong pangkapoligiran. Ang Awtoridad ay patuloy na nagsasagawa ng mga teknikal na pag-aaral at pagsusuri at nakatakdang ilabas ang Draft Environmental Impact Report/Environmental Impact Statement (EIR/EIS) sa kalagitnaan ng 2025.


Mula noong 2024, nakapag-ambag ang HSR ng \$1.3 bilyon sa mga sumusunod na connectivity project sa Southern California:


- LinkUs Project: \$423 milyon para sa pagpapahusay ng Los Angeles Union Station
- Shared Corridor Improvements: \$389 milyon para sa environmental review ng HSR, Metrolink, LOSSAN, at iba pa
- Mga Pagpapahusay sa Kaligtasan: \$77 milyon sa Rosecrans/Marquardt Grade Separation sa Santa Fe Springs, CA
- Mga Connectivity Project: \$389 milyon mula sa Proposition 1A (Metro Regional Connector, Metrolink Tier 4, PTC)


### Mga Benepisyo ng Proyekto

 **Dagdagan ang Kakayahang Gumalaw** upang makapaghanda para sa paglago, na may tinatayang populasyon ng estado na aabot sa 40 milyon bago lumipas ang 2049

 **Pabutihin ang Kalidad ng Hangin** by sa pamamagitan ng pag-alok ng isang high-speed train system na patatakbuin ng renewable energy bilang isang alternatiba sa paglakbay sa pamamagitan ng kotse o eruplano

 **Paikliin ang Tagal ng Paglalakbay** sa pamamagitan ng isang mas mabilis, mas maginhawang paraan ng paglakbay sa estado

 **Pasiglahin ang Paglago ng Trabaho** sa buong estado sa pamamagitan ng pag-alok ng mga pagkakatong magtrabaho sa bawat hakbang, mula sa pagtatayo hanggang sa pagtatakbo at pagpapanatili

 **Ang Pamumuhunan** sa imprastruktura ng transportasyon ay napakahalaga sa pagpapalakas ng ekonomiya ng estado



Los Angeles to Anaheim Shared Passenger Track Alternatives A and B

## Ang mga Build Alternative: mga Shared Passenger Track Alternative A at B

Ang pagpapakilala ng high-speed rail sa LOSSAN Corridor ay nagbibigay sa rehiyon ng pagkakataong matiyak ang kahusayan at kapasidad ng mahalagang corridor na ito sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga track layout, pagbawas ng sagabal sa pagitan ng trapiko ng riles at kalsada, pagsasama-sama ng imbakan ng tren, at pagpaparami ng mga serbisyo para sa mga pasahero. Ang mga Shared Passenger Track Alternative:

- Magdagdag ng isang mainline track sa ilang bahagi ng kasalukuyang corridor, na magdadala sa kabuuang bilang ng mainline track sa apat, sa pagitan ng LAUS at Fullerton
- Gamitin ang kasalukuyang dalawang riles sa pagitan ng Fullerton at ng ARTIC
- Lagyan ng kuryente ang dalawa sa apat na mainline track gamit ang renewable energy
- Pabutihin ang operasyon at kaligtasan ng corridor sa pamamagitan ng pagbabawas ng sagupaan sa pagitan ng mga passenger at freight track crossing
- Magpakilala ng high-speed train service na may hanggang dalawang tren bawat oras ng kasagsagan kada direksyon
- Ilipat ang Commerce at Buena Park Metrolink Station upang mas mahusay na mapagsilbihan ang rehiyon
- Gumawa ng mga grade separation sa Santa Fe Springs at Anaheim
- Isama ang isang light maintenance facility (LMF)
- Isama ang mga layover track malapit sa LAUS at ARTIC upang paglagyan at muling lagyan ng suplay ang mga high-speed train high-speed trains

### Ang Shared Passenger Track Alternative A - Mas Gustong Alternatibo

Ang Mas Gustong Alternatibo, ang Shared Passenger Track Alternative A, ay kasama ang mga tampok na nabanggit sa itaas at nagmumungkahi ng pagtatayo ng Light Maintenance Facility (LMF) sa 26th Street sa Vernon. Ang lokasyon ng LMF sa 26th Street sa lungsod ng Vernon ay matatagpuan sa tabi ng Hobart Yard ng BNSF. Ang LMF na ito ay may kakayahang maglagay ng hanggang 24 na single trainset at may anim na shop track.

### Ang Shared Passenger Track Alternative B

Ang Shared Passenger Track Alternative B ay kapareho ng Mas Gustong Alternatibo, maliban sa iminungkahing lokasyon ng Light Maintenance Facility (LMF) na ilalagay sa 15th Street sa Los Angeles. Ang pagtatayo ng LMF sa 15th Street sa lungsod ng Los Angeles ay matatagpuan sa West Bank ng Ilog ng Los Angeles. Ang LMF na ito ay may kapasidad na humawak ng hanggang 20 single trainset, may anim na shop track, at itatayo sa kanluran ng kasalukuyang 8th Street Yard ng Amtrak.

## Pagkakaayos ng mga Grade Crossing

### Mga Grade Crossing

Ang dalawang Build Alternative ay nag-aaral ng kasalukuyang mga at-grade crossing sa kahabaan ng corridor ng proyekto sa pagitan ng LAUS at ARTIC. Ang diskarte sa grade crossing ay isinasalang-alang ang:

- Kaunting konstruksyon ng HSR (hindi maglalagay ng bagong track, dadagdagan ng koryente lamang ang kasalukuyang track)
- Pagbabawas ng mga epekto sa komunidad mula sa pagbili ng mga pag-aari o abala mula sa pagtatayo
- Pagpaparepareho sa ibang mga bahagi ng proyekto ng HSR
- Mga regulasyon ng bansa, estado, at lokal na pamayanan
- Kamakailang mga pagbubuti sa kaligtasan sa kasalukuyang mga crossing
- Iminungkahing HSR Service Plan sa loob ng corridor


### Mga Grade Separation

Ang grade separation ay isang daanan na hinanay nang muli sa ibabaw o sa ilalim ng mga riles ng tren upang alisin ang panganib. Pag-aaralan ng Awtoridad ang mga grade separation sa kahabaan ng corridor ng LA-A bilang bahagi ng proseso sa kapaligiran. Halimbawa:

- **Santa Fe Springs/Unincorporated Los Angeles County:** Pioneer Boulevard
- **Santa Fe Springs:** Norwalk Boulevard, Los Nietos Road, Lakeland Road (bahagyang grade separation)
- **Anaheim:** E. Cerritos Avenue, State College Boulevard

### Mga Light Maintenance Facility (LMF)

Isang LMF ang iminungkahi sa bawat Build Alternative para sa pagpapanatili ng high-speed train. Kasama sa pasilidad ang isang nakalaang linya para sa paghuhugas ng tren, isang sistema para sa pagtuklas ng depekto sa mga gulong, mga shop track sa loob na may mga hukay para sa inspeksyon, at kapasidad ng storage yard para sa mga HSR train set.



Grade Crossing

Grade Separation

## Mga High-Speed Rail Passenger Station

Ang mga terminus station sa LA-A rail corridor ay matatagpuan sa Los Angeles Union Station (LAUS), na pinag-aralan bilang bahagi ng Burbank to Los Angeles (B-LA) Project Section at ng Link US project na pinamumunuan ng Metro, at sa Anaheim Regional Transportation Intermodal Center (ARTIC). Bilang mga intermodal facility, ang mga pangunahing istasyong ito ay magkokonekta sa mga pasahero sa iba pang mga uri ng transportasyong may mataas na kapasidad.

### Ang Mga Layover Track

Ang mga layover track ay ginagamit upang mag-imbak at muling mag-stock ng mga HSR tren sa araw sa pagitan ng kanilang mga biyahe. Kinakailangan ang mga layover track malapit sa LAUS at ARTIC upang suportahan ang mga high-speed train na tatapos ng kanilang serbisyo.

Dalawang lokasyon ng layover ang iminungkahi sa kahabaan ng Bahagi ng Proyekto LA-A:

- West Bank Layover Tracks (sa timog ng LAUS)
- Anaheim Layover Tracks (sa timog ng Bali Road)

### Mga Paglilipat ng mga Metrolink Station

Ang dalawang Build Alternative na isinasalang-alang ay idinisenyo upang mabawasan ang epekto sa right-of-way sa labas ng corridor habang pinapabuti ang disenyo at paggana ng riles. Kinakailangan ng disenyo ng Awtoridad na ilipat ang kasalukuyang mga Metrolink Station sa Commerce at Buena Park ng humigit-kumulang 0.75 milya mula sa kanilang kasalukuyang lokasyon.

Ang paglilipat ng Commerce Metrolink Station ay magpapabuti sa kaligtasan, pagpapatakbo ng riles, at access ng mga residente, pati na rin magbibigay ng mas direktang koneksyon sa pampublikong transportasyon. Upang mapabuti ang kahusayan sa corridor at pagsamahin ang pagpapatakbo ng kargamento at pampasaherong tren, ang inilipat na istasyon ay magkakaroon ng isang overpass para sa pampasaherong tren. Ang tampok na ito ay magpapahintulot sa mga pampasaherong tren na dumaan sa itaas ng BNSF Commerce Yard.

Ang paglilipat ng Buena Park Metrolink Station ay magbibigay ng pinabuting disenyo at pag-andar, habang babawasan ang pangangailangan para sa pagkuha ng mga ari-arian at ang epekto sa mga kapitbahayan na maaaring idulot ng muling pagsasaayos ng kasalukuyang istasyon. Ang paglilipat ay magpapabuti sa access sa pampublikong transportasyon at magbibigay ng mga oportunidad para sa Buena Park na palawakin ang paradahan sa istasyon.

Ang parehong inilipat na mga istasyon ng Metrolink ay magkakaroon ng isang gitnang plataporma para sa operasyon ng mga pasahero at magkakaroon ng iba't ibang pasilidad para sa mga gumagamit ng istasyon, tulad ng isang transit plaza, paradahan para sa mga sasakyan at bisikleta, isang lugar para sa pagsundo at pagbaba ng mga sasakyan, mga hintayan at espasyo para sa pila ng mga rideshare na sasakyan, taxi, at shuttle bus, pati na rin ang mga koneksyon sa mga daanan para sa mga naglalakad.




**Paglilipat ng Commerce Metrolink Station**



**Paglilipat ng Buena Park Metrolink Station**

## Proseso ng Pagsulong ng Proyekto



## Sabihin sa Amin ang Iniisip Ninyo

Get involved by visiting [meethsrsocial.org](http://meethsrsocial.org). Maaari ninyong:

- Magtanong at mag-iwan ng mga komento
- Hilingin na dumalo sa isang pulong ang mga tagapangasiwa ng proyekto
- Imbitahin ang Authority na dumalo sa isang darating na pulong ng inyong organisasyon
- Sundin kami sa aming social media
  - @cahsra
  - /CaliforniaHighSpeedRail
  - @cahsra
  - /CAHighSpeedRail
  - /California-High-Speed-Rail

## Magkonekta tayo

- 877-669-0494
- California High-Speed Rail Authority  
Southern California Regional Office  
355 S. Grand Avenue, Suite 2050  
Los Angeles, CA 90071
- [www.hsr.ca.gov](http://www.hsr.ca.gov)
- [Los.Anaheim\\_Anaheim@hsr.ca.gov](mailto:Los.Anaheim_Anaheim@hsr.ca.gov)

